

Sanayin ang sitaw na kumayap sa ginawa na balag habang ito ay nalaki.



Pagdadamong

PANGANGALAGA SA HALAMAN

- Magbawas ng sobrang halaman pagkalipas ng 5-7 araw pagkasibol. Mag-iwan lamang ng 15-18 halaman bawat linya sa *drill method* at 2 halaman para sa *hill method*.
- Panatiliing malinis ang taniman at walang damo dahil ito ay nagiging kakompetensya ng tanim pagdating sa pataba, liwanag at tubig.

- Ang karaniwang peste ng sitaw ay *cutworms*, *bugs*, *bean fly*, *aphids* at *pod borer*.

Karaniwang Peste ng Sitaw

Cutworm

Katangian

- Makayumanggi na may puti at pilak na marka sa padalawang pakpak. Ito ay panggabi na paruparo na kumakain sa nectar ng bulaklak at di direktang naninira sa halaman. Ang pinakamapanira nitong yugto ay ang uod.
- Ang kulay ng uod nito ay makayumanggi na maitim. Ang itlog nito ay napipisa sa ilalim ng lupa.



Cutworm

Panukala na Pagkontrol

1. Araruhin ang bukid pagkatapos mag-ani upang maarawan ang mga itlog, uod tulog na nakabaon sa lupa o di kaya ay mailubog ng malalim sa lupa ng di na makapisa.
2. Gahukan/Bungkalin ang taniman at magtanim ng may malayong distansya. Pwede rin na ipahuli ang pagtanim upang walang makain ang mga natitira pa na uod sa taniman.
3. Sanayin na magpalit-tanim (*crop rotation*) upang maiwasan ang tuloy-tuloy na pagdami ng insekto.
4. Hukayin ang lugar na mayroon nang pinsala upang masira ang inog ng buhay ng insekto.
5. Magtanim ng matibay na binhi.
6. Panatiliing malinis ang kapaligiran.
7. Gumamit ng mga botanikal na pamatay insekto tulad ng kinatas na neem sa unang yugto ng paglaki ng halaman. Huling inirerekomenda ang paggamit ng pamatay-lason.

Bean Podborer (*Maruca testulalis*)

Katangian

Matandang bean podborer

- Ang pakpak ng bean podborer ay may lapad na 20–25mm
- Ang hindwing nito ay medyo transparent na puti na may kayumanggi sa gilid ng pakpak



Uod na bean podborer

- Ang kulay nito ay mala-krema na maputla
- May natatanging kulay itim na marka sa magkabilang gilid ng katawan
- Humahaba nang hanggang 18mm

Panukala na Pagkontrol

- Isinasagawa ang unang pag-aaplay na pestisidyo isang linggo bago mamulaklak.
- Alisin ang parte ng halaman na pinangainan ng uod.
- Panatilihin ang kalinisan sa taniman.

Pinagkuhanan ng Teknolohiya



Sitaw Production Guide
Agricultural Training Institute &
DA-Regional Field Office 02
ISSN 1908-5710

Inilimbag sa Tagalog ng:



AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center - MiMaRoPa
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro



dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph



(02) 359-1967;
0917-8432654; 0939-9166473



www.ati.da.gov.ph/ati-4b



@atimimaropa



Gabay sa Produksyon ng SITAW



Ang sitaw (*Vigna unguiculate*) ay kabilang sa pamilya ng mga legumbre at malawakang itinatanim sa bansa. Ang halaman na ito ay napakagandang pagkakitaan at nagbibigay na mataas na antas ng protina kaya binansagan ito na “karne ng mahihirap”.

- Maliban sa kanyang kahalagahan bilang pagkain, ang mga tuyong buto nito ay sangkap din sa paggawa ng feeds ng hayop.
- Ito rin ay napakahalaga sa agrikultura dahil sa kakayahan nito na mapabuti ang kondisyon ng lupa dahil sa *nitrogen fixation*.
- Ang sitaw ay napakadaling pagkakitaan dahil sa looban lamang ng isa at kalahating buwan ay pwede nang makapag-ani.

Dalawang uri ng sitaw:



kumakayap (pole)



Luklok (bush)

Lupa at Klimatikong Pangangailangan

Ang sitaw ay hindi *seasonal*. Ito ay lumalaki sa buong taon at nabubuhay sa kahit anong uri ng lupa. Subalit pinakamainam kung itatanim ito sa mataba, madaling madurog, madaling matuyo na lupa at may mataas na organikong bagay at may antas ng ph sa pagitan ng 5.5 hanggang 6.8. Sa temperatura naman, ito ay angkop sa lugar na may halumigmig na 20°C hanggang 35°C.

KULTURAL NA PAMAMAHALA AT GAWI

Pagpili ng Binhi

Pumili ng binhi na angkop sa lugar, mataas umani, matibay sa peste at sakit at walang pinipili na panahon. Isaalang-alang din ang merkado nito sa lugar.

Paghahanda ng Lupa

1. Umpisahan na ihanda ang lupa 3-4 na linggo bago magtanim.
2. Araruhin ang bukid na may lalim na 20 sentimetro. Para sa mas mainam na paglaki at paglago ng halaman, araruhin at suyurin ang taniman 2 hanggang 3 beses na may pagitan na kada isang linggo.
3. Sa pagtatanim, kailangang ang halumigmig ay tama sa pagtatanim. Gumawa ng mga tudling na may lalim na 20 sentimetro na may pagitan ng naaayon sa nakasaad sa ibaba:

Uri	Pagitan (cm)
Pole Sitao	100 cm
Bush Sitao	75 cm

Pamamahala ng Lupa at Abono

- Upang makamit ang mataas na ani, maglagay ng tamang dami ng abono sa tamang panahon. Bagaman ito ay halamang legumbre at nakakapaggawa ng sarili nitong nitrohino, ito ay nangangailangan din ng iba pang elemento para mabuhay. Pinakamainam kung ipapapanalisa ang lupa sa pinakamalapit na laboratoryo.
- Kung hindi naanalisa ang lupa, mainam na sumunod sa nakasaad sa ibaba:



Pag-aabono

Uri ng Abono	Dami ng abono/ basal dry season
14-14-14 Complete	3 sako kada ektarya
Organikong Pataba	20 sako kada

- Ilagay ang dami ng abono nang pantay sa mga tudling bago magtanim. Tabunan ito ng pinong lupa ng may kapal na 2—3 sentimetro upang mapangalagaan ang ugat ng halaman na at hindi direktang tumama ang inilagay na abono sa halaman. Ispreyan din *foliar* na abono sa panahon ng pamumulaklak.

PAGTATANIM

Ang legumbre na gulay ay may pagkakaiba ng gawi sa paglaki. Samakatuwid, sila ay itinatanim sa iba't ibang mga pamamaraan at pagitan o distansya.

Para sa tamang pagitan sa pagtatanim ng luklok at kumakayap na sitaw, mainam na sundin ang sumusunod rekomendadong dami ng buto na itatanim sa bawat ektarya:

Uri	Pagitan (cm)		Populasyon ng Halaman kada ektarya	Buto Kada Ektarya (kg)
	Hilira	Bu-rol		
Pole Sitao	100	50	40,000	10-20
Bush Sitao	75	25	53,333	25-30

Paraan ng Pagtatanim

- **Drill method** – gumawa ng maliliit na kanal sa ibabaw ng tudling at maglagay ng 18-20 buto bawat linya at bahagyang tabunan ng 3-4 sentimetro na lupa.
- **Hill method** – magtanim ng 2 -3 buto kada butas na may tamang distansya na nakasaad sa *table* sa itaas. Bahagyang tabunan ng pinong lupa na may kapal na hanggang 4 na sentimetro.

Sa panahon naman ng tag-ulan at walang magandang irigasyon ng tubig, gumawa ng kamang punlaan na may taas na 10-30 sentimetro at dito itanim ang sitaw.

PAMAMAHALA NG TUBIG



Pagdidilig

- Kung ang halumigmig sa lupa ay hindi sapat sa panahon ng pagtatanim, patubigan ang taniman pagkatapos magtanim upang masiguro ang pantay-pantay na pagsibol. Ang dalas ng pagdidilig ay nakadepende sa uri ng lupa at lagay ng panahon. Ang mabato na lupa ay nangangailangan ng madalas na pagdidilig. Kung mahina ang paagusan ng tubig, gumawa ng kanal na magsisilbing palabasan ng tubig.
- Magpatubig sa pamamagitan ng pagpapadaan sa mga pagitan ng tudling kung nakikitang nalalanta na ang halaman. Kung ang indikasyon ng pagkalanta ng halaman ay tuwing sa umaga at dakong hapon, ito ay nangangahulugan ng kakulangan sa halumigmig sa lupa at naii-stress na ang halaman. Mas mainam na i-progama ang pagtatanim upang maiwasan ang *stress* sa halaman o pagkalubog sa baha.

Paglalagay ng tulos sa pole sitao

1. Maglagay ng tulos o balag na magsisilbing pakayapan ng ng sitaw kung nagsisimula na itong kumayap.
2. Gumamit ng puno ng ipil-ipil na may diyametro na 1-2 sentimetro. Maaari ring gumamit ng talahib at tinilad-tilad na kawayan. Para naman sa mas mabilis na pagbabalag ng sitaw, gumamit ng kawad o *blue twine* upang makaiwas din sa mga itim na langgam na posibleng manirahan sa loob ng talahib at ipil- ipil.



Pagbabalag at pagtutulos

Ang mais ay pwede ring gawing pakayapan ito tinatawag na buhay na balag, itanim ang sitaw at mais ng magkahalili na may pagitan 30 sentimetro at ang pagitan naman ng tudling ay isang metro.